# MAHAL NA ARAW

"Sasama ka sa swimming?" tanong ni Danilo sa anak na si Jomar.

"Oo, Pa. Eh, gusto akong isama ng class president namin, eh. Sayang naman kasi ililibre na niya 'yung pang-entrance ko. Wala akong gagastusin, Pa. Sarili ko lang ang kailangan kong dalhin—"

"Magtigil ka, Jomar, walang sasama sa swimming. Manatili ka rito sa bahay at tumulong ka sa nanay mo sa palengke," asik ni Danilo na ikinasimangot ng mukha ng binata.

"Sige na, Dan. Hayaan mo na siyang sumama sa mga kaklase niya. Kaya ko

namang mag-isa sa palengke. Minsan lang naman kaya payagan mo na. Para ka namang hindi dumaan sa ganyan n'ong high school ka," sabi naman ni Lorena sa asawa.

"Hoy, Lorena, dumaan din ako sa ganyan pero hindi ako nagsi-swimming kapag Mahal na Araw. Patay ang Diyos ngayon, tapos kayo nagsasaya? Isa pa, delikadong maglublob sa tubig nang ganitong panahon. Baka mamaya mapahamak pa 'yang anak mo eh di nabawasan pa tayo ng isa." Mararamdaman ang otoridad sa boses ng lalaki.

Batid ni Lorena na kapag ganito si Danilo ay hindi nila ito mapapapayag.

"Dan naman, graduating na ang anak mo. Hayaan mo nang maranasan niya man lang ang mga ganyan bago siya maka-graduate."

"Kaya nga dapat hindi 'yan masyadong lumalayo kasi graduating na 'yan! Delikado rin para sa isang estudyanteng graduating ang umaalis palagi. Lapitin sila ng aksidente, hindi mo ba alam 'yon?" Iritado na si Danilo. Binitiwan na nito ang binabasang diyaryo.

"Palagi naman kayong ganyan sa akin, eh. Pag ako ang nagpapaalam, palagi kayong may mga pamahiin na kesyo ganyan, kesyo ganito. Pero kapag si Ate ang nagpapaalam, pinapayagan n'yo agad. Napaka-unfair n'yo

sa akin. Dapat nga sa kanya kayo maghigpit kasi babae siya," sabad ni Jomar.

Hindi nagustuhan ni Danilo ang sinabi ng anak. Nag-init ang kanyang ulo dahil hindi siya sanay na sumasagot ito.

"Ang ate mo college na, kaya na niya ang sarili niya. Ikaw—"

"At ako hindi? 'Yan ang problema sa inyo, eh. Porque si Ate, matalino, kaya na niya sarili niya. Ako dahil bobo, hindi ko kaya ang sarili ko? Bahala na nga kayo kung ayaw ninyo, sanay naman ako," sabi ni Jomar sabay naglakad papunta sa sariling silid.

Napabuntong-hininga na lamang si Lorena.

"Nakita mo'ng ugali ng anak mo? Kung makapagsalita, akala mo kung sino," inis na wika ni Danilo.

"Totoo naman ang sinasabi niya. Mula pa pagkabata eh si Lenlen na ang pinapaboran mo. Masisisi mo ba si Jomar kung gan'un ang maramdaman niya? Dan, dalawa ang anak mo, ipaalala ko lang, ah. Baka kasi akala mo si Lenlen lang ang anak natin," sabi naman ni Lorena.

Natameme si Danilo sa narinig. Napabalik-tanaw siya sa nakaraan. Wala siyang maalala na masayang alaala nila ni Jomar.

Hindi naman siya masamang ama sa binata. Sadyang hindi lang talaga sila close sa isa't isa. Si Jomar kasi ang tipo ng anak na kahit hindi matalino sa eskuwela, ipaglalaban ang alam nito ay tama, kahit pa maraming magalit sa paligid nito. Iyon ang bagay na kinaiinisan ni Danilo kay Jomar: masyado itong palasagot at bida-bida.

Samantala, nagmukmok naman si Jomar sa kanyang silid. Mahigpit ang pagkakahawak niya sa hawakan ng kanyang bag na pinaglagyan niya ng mga damit. Nakahanda na sana ang mga dadalhin niya, kaso nga lang ay nabigo siyang makuha ang pagpayag ng istrikto niyang ama.

Nakatulog si Jomar sa sobrang sama ng loob. Nagising siya nang alas siete na ng gabi. Napabangon siya kaagad nang maalala na alas ocho nga pala ng gabi ang alis nilang magkakaklase. Pagkatingin niya sa kanyang cell phone, nakita niya ang tambak na chat messages ng kanilang class president na si Jay.

Sa mga sandaling iyon, gumawa siya ng desisyon na alam niyang ikagagalit ng kanyang ama. Pero wala na siyang pakialam

doon; ang mahalaga sa kanya ay makasama siya sa swimming kahit na ano ang mangyari.

Palihim na lumabas si Jomar mula sa bintana at tumalon siya pababa sa likod ng kanilang bahay. Bitbit niya ang malaking bag na naglalaman ng mga damit na gagamitin niya sa loob ng tatlong araw.

"Di ka papayag? Puwes, tatakas ako," nangingising bulong ni Jomar. Lumingon pa muna siya sa kanilang bahay bago tuluyang umalis.

Nakaabot si Jomar sa itinakdang oras ng kitaan. Pagdating niya ay naghihintay na ang kanyang mga kaklase sa tapat ng isang mall. Kulay itim na van ang kanilang gagamitin sa biyahe, pagmamay-ari iyon ng pamilya ni Jay. Sa kanilang lahat kasi, si Jay ang medyo nakakaangat sa buhay.

"Tagal mo. Pasalamat ka hinintay ka pa namin. Ano, sigurado ka bang pinayagan ka ng tatay mo? Baka naman tumakas ka lang, mayari pa kami diyan?" tanong ni Jay sa kanya.

"Pinayagan ako. Kaso nakatulog ako n'ong hapon. Buti nga nagising pa ako eh," natatawa na lamang na sabi ni Jomar.

"Buti nga nagising ka pa, kasi kung hindi ka nagising, malamang tulog ka na

forever!” pang-aasar naman ni Carlo, ang pinakamakulit at pinakamaingay sa kanilang magkakaibigan.

“Tsk, tara na kasi! Baka madaling araw pa tayo makarating ng resort,” apurado namang aya ni Lea.

“T*eng-t*e ka ba? Apurado amp, kapag walang ambag, dapat tahimik lang. Di ba, Jomar?” buwelta ni Carlo.

Napangisi na lang si Jomar at hindi na lamang pinatulan iyon.

Sumakay na sila sa sasakyan. Nang ayos na ang lahat ay sinenyasan na rin ni Jay ang kanilang driver para makaalis na sila.

Sa kalagitnaan ng biyahe ay nakaidlip na ang iba sa kanila. Samantalang si Jomar ay mulat na mulat dahil inaalala niya ang mangyayari kapag umuwi na siya sa kanila.

Makalipas ang ilang oras ay nakarating na rin sila sa resort. Sobrang tahimik na ng paligid. Sila lamang ang bukod-tanging guests na naroon.

“Jay, saan mo ba nalaman ang resort na ’to? Parang ganito ’yung mga resort na ginagamit sa mga horror movies, ah. Luma na ’to, bakit tayo ‘andito?” tanong ni Carlo nang pabulong nang nasa harapan na sila ng gate.

“Nakita ko lang ito sa ’net. Maganda rito

’yung hot spring nila. Nakakagamot daw ’yon ng mga lamig-lamig sa katawan. ’Wag ka nang umangal diyan, dami mong daldal eh,” turan naman ni Jay.

Nang maiparada na nang maayos ang sasakyan, lumapit na rin sila sa guwardiyang nagbabantay.

“Room for five persons po. Kami po ’yung nagpa-reserve last week, Jay Francisco po ang pangalan,” ani Jay sa guard.

Nang makita ang pangalan sa listahan ay agad din naman silang pinapasok. Binayaran na rin ni Jay ang kanilang entrance fee.

Pagkatapos ay naglakad na sila papunta sa kanilang magiging silid. Malaki ang resort; maraming kuwarto at mayroong tatlong malalaking swimming pool. Habang naglalakad sa mahabang hallway, napansin ni Jomar ang kalumaan ng paligid. Ang mga sulok-sulok ng pader ay nangingitim na. Kahit na maganda ang pang-Kastilang disenyo ng resort ay hindi maikakaila na mukhang napaglipasan na iyon ng panahon.

“Hanep, ’yung feeling ko sa ganitong lugar para akong nasa sinaunang panahon na may swimming pool. Astig,” bulong ni Jay.

“Sinaunang panahon na mukhang horror,” gatong naman ni Carlo.

"Sus, takot ka lang sa ganito katahimik, eh. Palibhasa sanay ka sa ingay," hirit naman ni Jomar.

Natahimik sila nang makarating na sa kanilang magiging silid. May dalawang double deck doon. Ang isa ay inookupa na ni Lea at ng isa pa nilang kasamang babae, si Mariel. Ang kabila naman ay para sa tatlong lalaki.

"Jay, paano nga pala si Mang Ping? Saan siya matutulog eh three days tayo rito?" untag ni Lea.

"'Wag kang mag-alala, ikinuha ko rin siya ng sarili niyang kuwarto. Siya na ang bahala kung saan siya," sagot ni Jay.

"Yie, nag-aalala ka sa driver natin? Iba talaga 'tong si Lea eh, matatanda ang nais," tukso ni Carlo.

"Kadiri ka! Manahimik ka nga," sagot ng babae.

Nagtawanan na sila. Sila lamang ang bukod-tanging maingay sa resort na iyon. Ang kanilang mga boses ay rinig na rinig sa buong paligid.

Makalipas ang isang oras na pagmumuni-muni sa kanilang silid, nagyaya si Carlo na lumabas para magpaantok. Dahil hindi rin naman dinadalaw ng antok sina Jay at Jomar, sumama na rin sila.

Paglabas nila ng pinto ay malamig na hangin ang sumalubong sa kanila.

"Alam n'yo ba, kapag Mahal na Araw daw ay lapitin daw sa disgrasya ang mga taong gustong magbabad sa tubig?" Bigla na lang nag-open ng ganoong uri ng usapan si Carlo.

"S'an mo naman napulot 'yang idea na 'yan? Nagpapapaniwala ka diyan eh matatanda lang ang nagpauso niyan," sabi naman ni Jay.

"Hindi ako naniniwala, baliw ka ba? Sinabi ko lang. Pero naalala n'yo ba n'ung third year tayo, 'yung kaklase nating transferee, Jorens yata pangalan n'on, tama ba? Di ba, naaksidente ang pamilya niya at siya lang ang natira? Mahal na Araw n'on, sa outing din nangyari," dagdag pa ni Carlo. Sa mga pagkakataong iyon ay walang kakulitan na mararamdaman mula sa binata.

"Baka naman kasi nagkataon lang 'yan. 'No ka ba, lahat na lang may meaning sa 'yo. Alam mo, kapag oras mo na, oras mo na. Mahal na Araw pa man 'yan o hindi, kung talagang pasikip ka na lang sa mundo, eh kailangan mo na talagang mawala. Gan'un 'yun," paliwanag naman ni Jay na kumukumpas pa ang kamay habang naglalakad sila.

"S'abi nila, habang patay ang diyos, lahat

ng masasamang elemento ay aktibo sa mundo natin. Ibig sabihin, anytime puwede natin silang makita," sabat naman ni Jomar.

Napahinto si Jay sa paglalakad at natatawang pinagtuunan si Jomar. "Kailan ka pa naging interesado sa ganyang usapan?" anito.

"'Yung tatay ko, maraming alam sa ganyan. 'Yan nga sana ang dahilan kung bakit muntikan na akong di makasama," kuwento ni Jomar.

"Ah, so hindi ka pala talaga pinayagan. Tumakas ka 'no?" Tinapik ni Jay ang balikat ni Jomar para paaminin.

Napatango na lang si Jomar dahil wala na siyang dahilan pa para magkaila.

"Loko ka, baka mamaya kami ang awayin ng tatay mo," nag-aalalang sabi ni Jay.

"'Wag kang mag-alala, kayang-kaya naman ni Jomar na saluhin suntok ng tatay niya," gatong naman ni Carlo sabay akbay kay Jay.

"Ang mahalaga nandito na ako, di ba—"

Napahinto sa sasabihin si Jomar nang makarinig sila nang malakas na kalabog.

Napatingin sila sa pinakadulong hallway kung saan nanggaling ang malakas na tunog. Nagkatinginan ang tatlo, tila binabasa nila

sa mata ng isa’t isa kung dapat pa ba silang pumunta roon. Gabing-gabi na at tanging sila na lamang ang nasa labas ng kuwarto noong mga sandaling iyon.

“’Wag na, baka pagalitan tayo ng guwardiya,” sabi ni Jomar. Ngunit ang totoo ay kinakabahan na siya.

“Sus, takot ka lang eh,” nanunuksong tugon ni Carlo.

Aalis na sana sila ngunit bigla na naman nilang narinig ang kalabog na iyon. Sa hindi malamang dahilan, parang hinahatak na sila papunta doon. Tila ba sunud-sunuran na ang kanilang mga paa sa kanilang kuryusidad.

Ngunit bago sila makarating sa dulo ay may nadaanan silang isang kuwartong nakabukas. Sumilip sila at nasipat nila na may tao sa loob niyon.

“S’abi ng guard tayo lang ang nandito. Bakit may iba pang guest?” wika ni Jay habang nakatingin sila sa loob.

“Baka sinabi niya lang ’yon para di na tayo umatras.” Si Jomar.

Aalis na sana sila nang lumingon sa kanila ang tao sa loob. Ngumiti pa iyon ngunit hindi nagsalita. Pilit na ngiti na lang din ang isinagot nila at dali-dali nang naglakad pabalik sa kuwarto. Hindi na sila tumuloy sa

pupuntahan nila sa dulo.

Nang makabalik na sila sa kanilang silid ay naabutan nilang tulog na ang dalawang babae.

Humiga na lang din silang tatlo dahil sa wakas ay nakaramdam na sila ng antok. Katabi ni Jomar si Carlo sa higaan, habang sa ibabaw naman ng double deck ay solo ang kanilang class president na si Jay.

Naunang makaidlip si Carlo habang si Jomar ay kinukuha pa rin ang posisyon ng kanyang pagtulog. Makakatulog na sana siya nang maramdaman niya ang kalikutan ni Jay sa itaas.

"Jay, 'wag kang malikot, di ako makatulog," sabi ni Jomar na sinipa pa nang mahina ang kisame ng double deck.

Wala siyang natanggap na tugon mula sa kaibigan. Ilang minuto pa ang nakalipas, bigla na lang namatay ang ilaw sa silid. Dahil si Jomar na lamang ang gising, siya lang din ang nakasaksi ng kadiliman.

Dinampot niya ang kanyang cell phone. Binuksan niya ang flash light. Sa ginawa niyang iyon ay may nakita siyang hindi niya nagustuhan. May maliit na binti na nakabitin sa double deck. May kung sinong bata na nakaupo sa higaan ni Jay.

Sa takot ay napatay agad ni Jomar ang flashlight. Tinakpan niya ng unan ang mukha. At dahil doon, hindi na niya namalayan na nakatulog na pala siya.

Kinabukasan, mag-isa na lang si Jomar sa higaan nang magising siya. Mukhang nagsimula nang mag-swimming ang mga kasama niya. Papikit-pikit pang umupo siya.

"Panaginip ba 'yon o totoong nangyari?" nagtatakang tanong ni Jomar nang maalala ang binti ng bata.

Bumangon siya at inayos na ang susuotin niya na panglangoy. Habang nagkakalkal sa kanyang bag, napatingin siya sa rebulto ni Mama Mary na nasa gilid ng bintana. Dahan-dahan siyang lumapit nang makitang tila may lumalabas na kung ano sa mga mata ng rebulto.

"Hoy! Di ka ba maliligo? Ikaw na lang hinihintay."

Napalingon si Jomar sa pintuan nang marinig ang boses ni Carlo.

"Ah sige, susunod na ako," sagot niya.

Binalingan niya ulit ng tingin ang maliit na rebulto, ngunit sa pagkakataong iyon ay wala na ang tumutulo mula sa mata nito.

Napailing na lamang ang binata. Iniisip niya na masyadong okupado ng maraming

bagay ang utak niya kung kaya kung anu-ano ang nakikita niya.

Lumabas na rin ng silid si Jomar. Nakisabay siya sa mga kaklase na nakalublob na sa swimming pool. Habang nagkakasiyahan sila ay napansin ni Jomar na tila hindi kumportable ang isa pa nilang kasama na si Mariel. Nakakapit lang ito sa gilid. Pilit itong ngumingiti ngunit bakas ang pagkabahala sa mukha.

Umahon sa tubig ang babae at naglakad palayo.

“Ano’ng problema n’on?” tanong ni Carlo.

“Ewan. Actually, kahapon pa siya parang hindi komportable,” saad ni Lea.

“Ako na, kakausapin ko,” prisinta ni Jomar.

“Yiee, pasimpleng porma,” pang-aasar ni Jay.

Hindi na lang niya iyon pinansin. Sinundan niya ang direksyon na dinaanan ng babae. Naabutan niya si Mariel sa hagdanan. Umiiyak ito at namumutla.

“Mariel, ayos ka lang ba?” untag ni Jomar.

Tumingin sa kanya. Tapos, bigla na lang itong tumayo at tumakbo papuntang third floor.

“Uy, Mariel! Teka!” sigaw ni Jomar.

Hahabulin na sana niya si Mariel ngunit isang pamilyar na boses ang kanyang narinig mula sa kanyang likuran.

"Jomar? Sino'ng kausap mo?" tanong ni Mariel na nasa ibaba ng hagdanan.

Nagtaka siya. "Sandali, di ba umakyat ka? Bakit ka nandyan..." Humina ang boses ng binata nang mapagtanto ang nangyayari.

Namutla ang kanyang kaharap. "Hindi ako 'yon. Sinong Mariel ba ang kausap mo?"

Agad na hinawakan ni Jomar ang kaklase sa kamay at umalis sila sa parteng iyon. Nang medyo nakadistansya na ay saka siya nagsalita.

"Akala ko ikaw yon, kamukhang-kamukha mo, eh."

Nanginginig ang kamay ni Mariel.

"Jomar... alam mo sa totoo lang, kahapon pa ako may nararamdamang kakaiba sa lugar na ito. Pakiramdam ko, hindi lang tayo ang nandito..." nababahalang amin ng dalaga.

Tumawa siya sa pagbabakasakaling mapagaan ang atmospera ng kanilang usapan.

"Talagang hindi lang tayo ang nandito. Kagabi may nakita kaming isang pamilya na tulad natin ay guest din."

"Hindi 'yun ang ibig kong sabihin, parang

may ibang mga nilalang na nandito, bukod sa ating mga tao...”

Nagtayuan ang mga balahibo ni Jomar nang mga sandaling iyon. Dumoble ang lamig na kanyang nararamdaman.

“S’abi ng lola ko, hindi raw talaga maganda na mag-swimming pag Mahal na Araw. Sinasamantala daw kasi ng masasamang elemento na patay ang diyos sa mga ganitong panahon. Feeling ko dapat umalis na tayo bago pa lumala ang lahat.”

“Naniniwala ka talaga sa mga ganyan?” seryosong tanong ni Jomar.

Tumango naman si Mariel. “Namatay ang lolo ko noong nag-outing kami sa Baler. Bata pa ako n’on pero alam ko kung ano’ng dahilan. May kung anong nilalang daw na humila sa paa ni Lolo para umilalim siya sa dagat. Paglutang niya, may mga bakas siya ng kamay. Hindi syokoy, hindi lamang-dagat ang may gawa n’on sa kanya. Ang sabi ng albularyo, ’yung mga kaluluwang nalunod daw sa dagat na iyon ang humila kay Lolo. Kaya, Jomar, hindi malabong mangyari rin iyon sa atin kung hindi tayo lalayo sa tubig,” salaysay ni Mariel.

Napalunok ng laway ang binata sa kanyang mga narinig. Saka niya lang napagtanto na

tama nga ang kanyang amang si Danilo.

Tinanaw nila ang mga kasamahan na masayang naliligo.

“Maniniwala ba sila kung sasabihin natin sa kanila ’yan?” tanong ni Jomar.

“Hindi ko alam, pero ang mahalaga ngayon ay mabigyan natin ng babala ang mga kasama natin,” tugon ng dalaga at napatango na lang siya.

Bumalik sila sa pool. Nakangiti pa nang nanunukso si Carlo sa kanilang dalawa.

“Tapos na ba? Sucess ba, bro?” tanong nito kay Jomar.

“Loko,” tanging sagot na lang ng huli.

Pagdating ng hapon ay nakaramdam na rin ng lamig ang magkakaibigan. Umahon na sila sa tubig at nagsibihis na rin.

“Napansin mo ba si Mang Ping na lumabas?” tanong ni Jay kay Jomar habang nasa isang maliit na garden silang dalawa.

“Oo nga pala, nasaan na pala ’yung driver natin na ’yon?” nagtatakang tanong niya.

“Samahan mo nga ako. Puntahan natin sa kuwarto niya sa third floor,” aya ni Jay.

“Sige, baka mamaya may sakit pala si Mang Ping, wala man lang tayong alam,” sabi ni Jomar.

Naglakad ang dalawa patungo sa

hagdanan. Nang nasa harapan na sila ng pinto ay makailang ulit nila iyong kinatok. Nang walang tumutugon sa loob ay pinihit ni Jay ang doorknob. Nalaman nilang hindi pala iyon naka-lock kaya nagkusa na silang buksan iyon. Ngunit nang makapasok na sila ay wala naman silang naabutan. Wala roon ang kanilang driver.

"Saan naman pumunta 'yon? S'abi ko magpaalam kapag aalis, eh," wika ni Jay na salubong pa ang kilay.

"Tanong kaya natin sa guard, baka nakita niyang lumabas," suhestyon naman ni Jomar.

Pagdating nila sa gate kung saan nakapuwesto ang guwardya ay agad nila iyong kinausap.

"Mamang Guard, nakita n'yo bang lumabas 'yung driver namin, 'yung kasama namin na tatay na?" untag ni Jay na palingun-lingon pa sa paligid.

"Lumabas siya kagabi. Sabi niya, may kamag-anak daw siya na nakatira lang dito sa malapit," anang kausap.

"Lumabas? Potek, bakit hindi nagsabi? Kapag may nangyari d'on, tayo mayayari nito eh," kunsimidong ani Jay.

"Hayaan na natin, may isip naman na si Mang Ping. Sigurado ako na hindi siya

gaanong lalayo. Isa pa, hindi naman niya dinala 'yung sasakyan. Ayon, oh." Tinuro pa ni Jomar ang van na nakaparada sa labas.

"Ugok ka ba, paano kung ilang araw pa ang itagal niya doon? Eh di sino magmamaneho para sa atin pauwi?"

"Kalma ka nga lang. Di ba ikaw ang president namin? Ang president kalmado at may patience, di ba dapat gan'un?" sabi ni Jomar.

"Hayy, 'to naman kasing si Mang Ping, eh. Tara, b'alik na muna tayo sa room."

Hindi na lamang masyadong pinagtuunan ng dalawa ang pagkawala ni Mang Ping. Nag-focus na lamang sila sa pagluluto ng kanilang kakainin para sa hapunan. May isang parte sa resort kung saan lamang puwedeng magluto. Sina Jomar, Carlo, at Mariel lamang ang naroon.

Si Jomar ang naka-assign para magluto ng sinigang na baboy, habang si Mariel naman sa lumpiang shanghai. Samantalang sa Carlo naman ay nakatunganga lang at walang ginagawa.

"May itatanong ako sa inyo para naman meron tayong pag-usapan, hindi 'yong ang

tahimik na nga ng gabi, tapos ang tahimik n'yo pa," panimula ni Carlo.

Tumingin dito si Jomar at ngumisi. Pero nabura agad ang ngiti niya sa sumunod na tinanong ng kaibigan.

"Nararamdaman n'yo rin ba ang nararamdaman ko?"

Napatigil ang dalawa sa kanilang ginagawa. Nagkatinginan sina Jomar at Mariel sabay baling kay Carlo.

"Ang alin?" tanong ni Jomar.

"Sus, maang-maangan pa. Eh di 'yung nagpaparamdam..."

Sa di-maipaliwanag na dahilan ay nagtayuan ang mga balahibo nina Jomar at Mariel. Naalala na naman nila ang lahat ng kababalaghan na kanilang naranasan.

"'Wag kayong mag-alala, nararamdaman ko rin iyon kagabi pa. Akala n'yo ba kayo lang? Kagabi nga eh may nakita akong bata sa pintuan, tapos n'ong lapitan ko, tumakbo sa hallway. Nawala naman n'ong tingnan ko ulit. Ang weird ng resort na 'to, pero exciting. Parang ang sarap mag-ghost hunting." Nagawa pang tumawa ni Carlo. Tila ba isa lamang laro ang ganoong bagay para sa binata.

"Tumigil ka sa iniisip mo. Delikado 'yan," saway rito ni Mariel.

"Bakit naman delikado? Bakit, nakakapatay ba ang mga multo? Di ba sabi nila, matakot ka sa buhay at 'wag sa patay—"

Biglang humangin nang malamig pagkatapos magsalita ni Carlo. Otomatikong nagtayuan ang mga balahibo nina Mariel at Jomar.

"Carlo, nilabhan mo ba 'yang suot mong damit?" tanong ni Jomar habang direktang nakatingin at namimilog ang mga mata.

"Uy, iniiba ang usapan," pabirong tugon ng kaibigan.

"Carlo, tingnan mo 'yang nasa damit mo, may mga bakas ng kamay ng bata!" dagdag pa ni Mariel.

Sumeryoso ang mukha ng kaharap. Pagkatingin sa sariling damit ay nakita nga nitong naroon ang bakas ng maliliit na kamay. Sa takot ay agad na hinubad ng lalaki ang damit. Ang makulit na si Carlo ay biglang binalot ng takot at taranta. Lumabas ang kaduwagan nito na pilit itinatago ng kanyang pagiging makulit.

"Ano 'yun?" pabulong na anong ni Carlo.

"Wag n'yo na lang pansinin, kumilos kayo na parang walang nangyari," mahina ring sabi ni Mariel.

Dahil sa takot ay hindi na umupo si

Carlo sa puwesto nito kanina. Tumambay na lamang ito sa gilid ng kalan kahit na mainit doon at may tumatalsik na mantika.

Pagkatapos niyon, inihanda na rin nila sa dining area ang kanilang pagkain. Sakto naman na kakababa lang nina Lea at Jay mula sa kanilang kuwarto.

“Wow, sino nagluto?” tanong ni Lea.

“Malamang ako at si Mariel, wala namang cooking skills itong si Carlo eh,” turan ni Jomar.

Nagtawanan sila habang nasa hapag-kainan, maliban kay Carlo. Hindi pa rin ito mapakali. Hindi nito inakala na magkakatotoo ang imbento lang nitong karanasan.

Habang kumakain, aligaga ang mga mata ni Carlo. Madilim sa paligid at tanging ang cottage lang na iyon ang may ilaw.

“Guys, siya nga pala, kapag aakyat kayo sa kama, maghugas kayo ng paa. Nakakahiya sa may-ari ng resort, talagang bumabakat pa ang paa n’yo sa bedsheet,” pagpapaalala ni Jay.

“Saang kama?” tanong ni Jomar.

“Sa kama ni Jay, ang daming bakat ng paa, ang dumi,” sagot naman ni Lea.

Nagkatinginan sina Jomar at Carlo. Pareho silang napailing.

"Hindi naman kami umaakyat d'on. Bakit naman kami aakyat d'on eh okay naman kami sa ibaba?" sabi ni Jomar.

Napaisip si Jay. "Eh, kaninong paa 'yon?" tanong niya.

Tila ba may dumaang anghel noong mga oras na iyon. Nanahimik ang paligid. Tanging mga kuliglig lamang ang naririnig at mga dahon na dulot ng malakas na hangin.

"'Yaan na nga. Basta iwasan nating makasira o makadumi ng kahit na anong—"

Napatigil sa pagsasalita si Jay nang biglang mamatay ang ilaw sa cottage na iyon. Tumayo agad si Jay at tumuntong sa upuan para suriin kung pundido na ba ang ilaw. Ilang sandali lang ay bigla na lang nawalan ng balanse ang binata. Nalaglag ito at tumama ang likod sa kanto ng mesa.

"Uy, ayos ka lang ba?" tanong ni Lea.

Dumadaing sa sakit si Jay at hindi agad makatayo. Inalalayan ito ng dalawang lalaki.

"Sino ba kasi'ng humawak sa paa ko? Ikaw, Carlo? Lea?" tanong ni Jay sa dalawa dahil ang mga ito lang naman ang nasa tabi nito.

"Baliw ka ba? Kita mong nasa mesa ang dalawa kong kamay eh," sagot ng babae.

"Hindi ako. Pinagsasabi mo d'yan? Ba't

ko naman hahawakan paa mo eh may sarili naman akong paa?” balik naman ni Carlo.

Sa mga pagkakataon na iyon, alam na nina Jomar at Mariel ang nangyayari.

“Punyeta, kumuha na nga lang kayo ng ilaw. Doon sa may storage room, sa may bandang dulo. Sa ground floor lang ah,” utos ni Jay. “’Bilis para makakain na tayo, gutom na ’ko.” Halata ang inis nito habang nakahawak sa sariling ulo.

“Oh, Jomar, ikaw na,” ani Lea.

Tatanggi pa sana si Jomar dahil aminado siyang natatakot din siya sa kanyang dadaanan. Mabuti na lamang at nagprisinta si Mariel na samahan siya. Medyo lumakas naman ang kanilang loob dahil may mga tao naman sa ground floor; naroon ang staff at management ng resort.

Umalis sila sa cottage at naglakad sa hallway. Napadaan sila sa isang silid kung saan naroon ang mga staff. Sinamantala na iyon ng dalawa para itanong kung saan makakakuha ng bumbilya. Tiningnan sila nang seryoso ng babaeng nakausap nila. Hindi iyon nagsalita at itinuro lang ang direksyon. Habang papalayo sila ay nakatanaw pa rin sa kanila ang babae. Hindi sila kumportable sa kilos nito, dahil para bang may gusto itong

sabihin sa kanila.

"Jomar..."

"Bakit?"

"Wala ka bang napapansin?" tanong ni Mariel sa kalagitnaan ng kanilang paglalakad.

"Napapansin na alin—"

Huminto ang dalawa. Dahan-dahan silang tumingin sa gitna nila nang maramdaman nila ang maliit na kamay na nakahawak sa kanilang kamay.

"Jusko!" sabi na lamang ni Mariel nang makita ang isang bata na tila naaagnas na ang mukha.

Natameme at tila naestatwa si Jomar.

Tumakbo ang bata palayo at nakakakilabot ang tawa niyon.

Agad nilapitan ni Mariel si Jomar at pinagsasampal sa mukha. Napansin kasi ng dalaga na tila naninigas na ang panga ng kasama dahil sa gulat.

"Huy! Kumalma ka!" sabi pa ni Mariel habang nakahawak sa kanyang pisngi.

Nahimasmasan naman din agad si Jomar. Gusto na sana nilang bumalik, pero kailangan nilang makakuha ng bumbilya sa storage room.

Walang namamagitan sa dalawa ngunit dahil sa takot, mahigpit nilang hinawakan

ang kamay ng isa't isa.

"Dito ka na lang, ako na papasok sa loob," matapang na sabi ni Jomar.

"Bilisan mo," tugon ng dalaga.

Binuksan agad ni Jomar ang ilaw ng silid. Nagmamadaling naghanap siya sa mga karton. Tumagal nang halos tatlong minuto ang paghahanap niya at saka lamang siya nakakita ng bumbilya. Dinampot niya agad iyon at saka mabilis na lumabas.

Tumakbo na sila ni Mariel pabalik ng cottage. Ngunit nang makarating na sila roon ay naabutan nila sina Lea at Jay na tila kunsimido.

"Bakit? Ano'ng nangyari?" tanong ni Mariel sa dalawa.

"Hindi ko alam kay Carlo, parang tanga. Bigla-bigla na lang nagsisisigaw dito tapos tumakbo," may halong inis na sabi ni Jay.

Inabot ni Jomar ang bumbilya kay Jay at ikinabit na rin nila iyon. Nang muling magliwanag ay umupo na sila ulit para sana kumain na.

"Saan nagpunta si Carlo?" tanong naman ni Mariel.

"Ewan ko. Baka sa kuwarto?" Si Lea.

"Hayaan n'yo na lang muna. Baka nangtitrip na naman." Ipinatong ni Jay ang

pundidong bumbilya sa dulo ng mesa.

Nang magsimula na silang kumain ay isa na namang kababalaghan ang kanilang naranasan.

Napatayo ang magkakaibigan nang makitang umilaw din ang pundidong bumbilya.

"P-paanong umilaw 'y-yan? Wala namang kuryente, ah." Hindi maipinta ang reaksyon sa mukha ni Jay.

Pare-pareho nilang ikinagulat ang nangyari.

Nawalan na ng ganang kumain ang magkakaibigan. Nagpasya na lamang silang ligpitin ang mga nakahain at nagdesisyon na tumambay na lang sa kanilang kuwarto. Pagdating nila roon, hindi nila inabutan ang binatang si Carlo.

"Hayaan n'yo na 'yon, nandyan lang 'yon," sabi ni Jay habang nag-aayos ng hihigaan sa taas ng double-deck bed.

Binalot ng katahimikan ang buong silid. Walang makatulog sa kanila ngunit wala rin silang mapag-usapan. Ramdam na ramdam ni Jomar ang mabigat na atmospera.

Sumapit ang alas doce ng gabi ay hindi pa rin sila dinadalaw ng antok. Ganoon na rin katagal na hindi bumabalik ng kanilang

silid si Carlo. Nag-aalala na si Jomar para sa kanilang kaibigan kaya naisipan na nitong hanapin ang binata sa labas.

"Saan ka pupunta?" tanong ni Jay.

"Hahanapin ko si Carlo. Anong oras na, oh. Hindi na maganda kutob ko." Sinuot na ni Jomar ang kanyang jacket.

Pumunta sila sa silid ng mga babae para magpaalam.

"Sasama ako," sabat ni Mariel.

"Ikaw? Sasama ka rin?" baling ni Jay kay Lea.

"Oo. Hindi pa naman ako inaantok, eh. Ikaw, papaiwan ka ba?" balik ng dalaga.

"Sasama na lang din ako. Ano'ng gagawin ko dito eh wala naman akong kausap?" pagdadahilan na lang ni Jay, pero ang totoo ay nagsisimula na rin itong makaramdam ng kung anong hindi pangkaraniwan. Tila unti-unti na niyang pinaniniwalaan ang sinasabi nina Jomar at Mariel.

Nagtungo ang magkakaibigan sa kinaroroonan ng mga staff ng resort para i-report ang nawawalang si Carlo.

"Wala naman kaming nakitang lalaki na gaya ng inilalarawan ninyo. Baka naman tinataguan lang kayo," sabi ng ginang na mukhang manager ng resort.

"Bakit naman kami tataguan n'on?" pabalang na turan ni Jay.

"Aba, ewan ko sa inyo. Malay ko ba kung ano ang mga trip ninyo sa buhay," sagot ng ginang.

"Ganyan ba kayo mag-respond sa concern ng mga guests? Kanina, hindi n'yo man lang kami in-assist n'ung napundi iyong ilaw sa amin. Kami na naghanap ng bumbilya, kami pa nagkabit. Bulok pala sistema dito, eh." Hindi na napigilan ni Jay ang sarili.

Hinawakan ito ni Jomar sa balikat para patahimikin. "Maraming salamat po, Ma'am. Kapag po may nakita kayong lalaki na semi-kalbo, please ipagbigay-alam n'yo po agad sa amin," kalmadong aniya sa staff.

Aalis na sana sila ngunit narinig pa nila ang bulong ng ginang. "Patay kasi ang diyos. . ."

"Ano ho'ng sinabi ninyo?" tanong naman ni Mariel.

Ngunit hindi na tumugon pa ang ginang. Tumingin lang ito sa kanila at pumasok na sa silid na siyang opisina.

"T*ngina ang weirdo naman ng customer service dito. Tulog ba 'yung taong 'yon? Nagtatanong nang maayos, ayaw sumagot nang maayos. Sunugin ko itong resort na ito

kapag ako nainis eh." Hindi pa rin matigil ang pag-aalburoto ni Jay kahit nang pabalik na sila ng kanilang silid.

"Hintayin na lang siguro nating mag-umaga saka tayo maglibot sa resort. Baka nga nasa kung saan lang si Carlo," suhestyon ni Jomar.

"Ano ba kasi'ng problema ni Carlo? Nagkaganoon lang siya mula nang magkakasama kayo doon sa kitchen eh. Parang takot na takot, ang layo sa makulit at madaldal na Carlo. Sabihin n'yo nga sa akin, may nakikita ba kayo na kayo lang ang nakakakita?"

Huminto silang apat sa paglalakad. Tila ba bumigat ang hangin sa paligid. Biglang kinabahan sina Jomar at Mariel. Maging si Lea na clueless sa nangyayari ay unti-unti na ring nagkakaroon ng ideya.

"Jay, alam kong hindi ka maniniwala pero... itong kinuha mong resort, maraming kababalaghan na nangyayari rito, lalo na ngayong Mahal na Araw kung kailan patay ang diyos..." paliwanag ni Mariel na lumingon pa sa likuran nang maramdaman na tila may tao doon.

Samantala, pilit na tawa naman ang isinukli ni Jay. Ngunit bakas pa rin ang takot

at pagkabahala sa mukha nito. Hindi nito maitago ang takot na habang tumatagal ay palala nang palala.

“Huh? Pinagsasasabi n’yo? ’No ba naman kayo, nagpapaniwala kayo—”

“’Wag ka nang mag-deny, Jay. Alam namin na nararamdaman mo na rin ang nararamdaman namin. Di ba, Lea?” Si Lea naman ang binalingan ni Mariel.

“Ang totoo niyan, kanina lang, may nakita akong babae na nakatayo sa hallway habang kausap natin ’yung manager. Umalis na kaya tayo rito?”

“Hindi pa puwede, Lea. Di ba nga wala pa si Carlo? Saka si Mang Ping, hindi pa nakakabalik, paano tayo aalis? Kaya mo bang mag-drive?” iritadong tugon ni Jay.

“Mag-commute na lang tayo.”

“Lea, mayayari tayo sa magulang ni Carlo kapag hindi natin siya kasamang umuwi,” sabi naman ni Jomar.

Sa kasagsagan ng kanilang diskusyon ay nakarinig sila ng malakas na sigaw. Naalarma sila nang mabosesan kung sino ang taong iyon.

“Si Carlo!” malakas na bulalas ni Jomar.

Hindi nagsayang ng oras ang magkakaibigan, dali-dali silang nagtungo sa

third floor kung saan nagmumula ang tinig ni Carlo. Inisa-isa nila ang mga silid na naroon. Hanggang sa mapahinto sila nang nasa harapan na sila ng isa pang silid.

May tao sa loob, namumukhaan nina Jay at Jomar ang mga taong nandoon. Iyon ang pamilya na nakita nila noong gabing nasa hallway sila.

Nagsara ang pinto ng silid. Sa ilalim ng pinto ay may umaagos na tubig. Malansa at parang nabubulok ang amoy niyon.

Nang bababa na sana sila sa hagdanan ay nakita nila sa ibaba ang lima katao: tatlong lalaki at dalawang babae, isa roon ay bata. Namumuti ang kanilang mga mukha at tila lumulobo na.

“Sh*t, takbo!” sigaw ni Jay.

Naunang tumakbo si Jay habang hawak naman ni Jomar ang dalawang babaeng kasama. Nang makalayo sila ay sandali silang huminto. Hingal na hingal ang apat sa kakatakbo.

“Tulong!” Sinisigawan na ni Jay ang guwardya ngunit tila wala iyong naririnig.

Napatahimik sila nang makarinig sila ng tinig na umiiyak. Kilala nila ang tinig na iyon kung kaya agad nila itong hinanap. Ilang sandali lang ay nakarating na sila sa

pinakadulong bahagi ng hallway.

"Carlo?" tawag ni Jomar ngunit patuloy pa rin sa pag-iyak ang lalaki.

Binuksan nila ang pinto. Dilim ang bumungad sa kanila at iyak lamang ni Carlo ang naririnig nilang nag-e-echo. Kinapa ni Jomar ang pindutan ng ilaw sa gilid ng pinto. Nang lumiwanag ay nakita nila si Carlo sa gilid—umiiyak, nanginginig sa takot, at namumutla, habang nakatingala sa isang nakalambitin.

"What the—" sambit ni Jay nang makita si Mang Ping na nakabigti. Sa kaliwang kamay nito ay may hawak itong papel.

Nang tingnan ni Jomar ang nakalagay ay nangilabot ang kanyang buong sistema.

*'Habang patay ang diyos'* ang nakasulat sa papel na iyon.

Sa takot ay tumakbo ang magkakaibigan. Naiwan nilang muli si Carlo. Lumabas sila ng resort at nagsisisigaw sa daan; para humingi ng tulong. Hanggang sa meron na silang makasalubong na mga pulis na nagpapatrolya.

Umaga na nang maibaba ang bangkay ni Mang Ping. Nagtataka ang magkakaibigan dahil suicide letter na ang nakasulat sa papel at hindi na iyong una nilang nabasa.

Mga pulis na mismo ang naghatid sa kanila pauwi. Sermon ang natanggap ni Jomar nang makabalik siya sa bahay nila. Pero lahat ng salita ng kanyang ama ay hindi pumasok sa utak niya. Ang iniisip niya lang ay ang dahilan kung bakit nakabigti si Mang Ping.

Ilang araw ang nakalipas mula nang mangyari iyon ay nagsarado ang resort. Nabalitaan ng magkakaibigan na nagbubukas lang pala iyon tuwing Mahal na Araw.

Malaking palaisipan sa kanila kung ano ba talaga ang hiwagang bumabalot sa resort na iyon. Ano nga ba ang mga nilalang na naroon at bakit sila nanggugulo sa mga buhay? Malakas din ang kutob ng magkakaibigan na may alam ang nangangalaga ng resort, ang mga staff na bigla na lang ding nawala pagtapos ng Mahal na Araw.

Samantala, nag-iwan naman ng matinding trauma kay Carlo ang nangyari. Naging dahilan iyon para mabaliw ito at sumailalim sa mahabang gamutan.

“Pa, totoo nga na lumalabas sila habang patay ang diyos…” sabi na lamang ni Jomar habang magkakaharap sila sa hapag-kainan.